NATIONAL MARROW DONOR PROGRAM®

Creating Connections. Saving Lives.™

View in English

Paano Makakatulong Sa Inyo ang Office of Patient Advocacy (Opisina na Nagtataguyod sa Pasyente)

Q: Paano makakatulong sa akin ang Office of Patient Advocacy ng NMDP?

A: Ang National Marrow Donor Program's Office of Patient Advocacy (OPA) ay libreng mapagkukunan ng impormasyon para sa inyo at sa inyong pamilya. Maaring makatulong ang OPA sa inyo na:

- Maunawaan ang proseso ng paghahanap ng donor at hindi kamag-anak na donor stem cell transplant
- Sagutin ang mga katanungan tungkol sa saklaw ng inyong seguro sa kalusugan at mga gastos para sa transplant
- Humanap ng transplant center na tumutupad sa mga pangangailangan ng inyong paggamot

Walang bayad ang mga serbisyo mula sa OPA. Maari kayong makipag-alam sa OPA mula Lunes hanggang Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng hapon, Central time.

Tumawag sa OPA

- Kapag nasa Estados Unidos, tumawag sa 1 (888) 999-6743. Ang tawag na ito ay libre sa Estados Unidos.
- Sa labas ng Estados Unidos, tumawag sa (612) 627-8140. Maaring may bayad na long-distance o international para sa tawag na ito.

May mga Tagasalin sa Ibang Wika

Kung kailangan ninyo ng impormasyon sa ibang wika, makakatulong ang OPA. Kailangang sabihin ninyo sa amin – sa Ingles – kung aling wika ang sinasalita ninyo. Aabutin ng mga apat hanggang walong minutos upang makasali sa tawag sa telepono ang isang tagasalin. Sandali lang po.